BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala para sa Pagsusuri ng Colon

Notice Date

JANE SAMPLE
123 ANY STREET
CITY, PROVINCE, POSTAL CODE

Mahal na Jane,

Panahon na para sa iyong pagsusuri sa colon. Ang iyong huling pagsusuri ay noong: 24 September 2023. Mangyaring huwag pansinin ang paalalang ito kung ikaw ay nagkaroon na ng pagsusuri sa colon, gaya ng fecal immunochemical test (FIT) o colonoscopy, sa nakalipas na 3 buwan.

Ang pagsusuri (screening) ay nakapagliligtas ng buhay sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng kanser o pagpigil dito bago pa ito magsimula, kahit na ikaw ay malusog ang pakiramdam at walang anumang sintomas. Mahalaga itong gawin kahit wala kang kasaysayan ng kanser sa pamilya.

Wala na ngayong nakatalang pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (primary care provider) para sa iyo sa Colon Screening Program. Maaaring lumipat, nagretiro, o hindi na nagsasagawa ng medikal na praktis ang dati mong primary care provider. **Maaari kang magpasuri para sa kanser sa colon** sa pamamagitan ng mga sumusunod na opsyon:

Opsyon 1	**Mayroon akong bagong primary care provider.** Mangyaring makipag-ugnayan sa amin (1-877-702-6566) at ibigay ang pangalan ng iyong bagong primary care provider upang maipadala namin sa iyo ang isang FIT requisition na maaari mong dalhin sa laboratoryo.
Opsyon 2	**Wala akong primary care provider sa kasalukuyan.** Maaari kang humiling ng FIT requisition para sa pagsusuri sa pamamagitan ng isang walk-in clinic o mga virtual care provider.

Alamin kung paano nakatulong ang screening sa ibang tao sa www.screeningstories.ca at matuto pa tungkol sa kung paano gumagana ang screening sa www.screeningbc.ca. Umaasa ako na pangangalagaan mo ang iyong kalusugan at magpasuri ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Jennifer Telford
Medical Director, BC Cancer Colon Screening

Ito ay **HINDI** isang wastong laboratory requisition. Mangyaring tingnan ang mga opsyon sa itaas kung paano makakakuha ng laboratory requisition.

SAMPLE

BC CANCER COLON SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala para sa Pagsusuri ng Colon

Bakit ko natanggap ang liham na ito?
Ipinapakita ng aming mga talaan na panahon na para sa iyong pagsusuri sa colon. Sa pangkalahatan, ang lahat ng taong may edad 50 hanggang 74 ay dapat regular na magpasuri para sa kanser sa colon. Ang screening ay maaaring makakita at makapag-alis ng mga precancerous lesion (mga paglaki sa colon o tumbong) bago pa ito maging kanser. Maaari ring matukoy ng screening ang kanser sa maagang yugto, bago pa ito magdulot ng mga sintomas, kung kailan mas marami pang opsyon sa paggamot.

Sino ang hindi dapat magpasuri para sa kanser sa colon?
Hindi ka dapat sumailalim sa screening kung nakararanas ka ng mga sintomas ng kanser sa colon. Kabilang sa mga sintomas ang dugo sa dumi, pananakit ng tiyan, pagbabago sa pagdumi, o hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang. Mahalagang talakayin ang mga sintomas na ito sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Saan ninyo nakuha ang aking personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan?
Bilang isang programa ng Provincial Health Services Authority, tumatanggap kami ng kaugnay na personal na impormasyong pangkalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga ahensiya ng pamahalaan at mga propesyonal sa kalusugan na direktang kasangkot sa iyong pangangalaga. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang matukoy kung kailan ka dapat makatanggap ng mga liham tungkol sa cancer screening at upang maibigay sa iyo ang iyong mga resulta ng screening. Nakatuon ang BC Cancer sa pagpapanatiling pribado, kumpidensiyal, at ligtas ng iyong impormasyon sa lahat ng oras.

Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Anyayahan kang isaalang-alang ang pagpapasuri kapag ikaw ay kwalipikado ayon sa edad;
- Paalalahanan ka kapag oras na para sa iyong susunod na screening test; at
- Ibigay sa iyo ang mga resulta ng iyong screening test, kabilang ang follow-up na impormasyon (kung kinakailangan).

Maaari kang makontak sa hinaharap upang makumpleto ang mga survey para sa feedback tungkol sa pagsusuri sa colon.

Pinangungunahan ng BC Cancer ang panlalawigang pagpaplano at panrehiyong paghahatid ng pangangalaga sa kanser para sa mga residente ng British Columbia. Saklaw ng mandato ng BC Cancer ang buong hanay ng pangangalaga sa kanser at kabilang dito ang mga organisadong programa ng pagsusuri para sa kanser sa British Columbia. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga paunawa sa cancer screening, mangyaring bisitahin ang www.screeningbc.ca/notifications.

Nagbago ang aking address. Ano ang dapat kong gawin?
Kung nagbago ang iyong address, mangyaring bisitahin ang www.addresschange.gov.bc.ca upang ma-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Saan ko makukuha ang aking mga resulta ng screening?
Maaari mong makuha ang resulta ng iyong pagsusuri sa pamamagitan ng Health Gateway: www.healthgateway.gov.bc.ca. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong primary care provider upang makuha ang iyong resulta.

Important information, please translate.
重要信息，请翻译。
ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰੋ।
Mahalagang impormasyon, mangyaring isalin sa wikang tagalog.
Información importante; por favor, tradúzcala.
معلومات مهمة ، يرجى الترجمة.

Information importante, veuillez traduire.
重要信息，請翻譯。
Wichtige Informationen, bitte übersetzen.
중요한 정보를 번역하십시오.
Tin tức quan trọng, xin phiên dịch.
اطلاعات مهم ، لطفاً ترجمه کنید.

SAMPLE

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsusuri, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para rin sa layunin ng pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pagkolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon,

mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, bumisita sa ScreeningBC.ca. Kung natanggap mo ang impormasyong ito nang hindi sinasadya o dahil sa pagkakamali, mangyaring makipag-ugnayan agad sa nagpadala.

SAMPLE